

## KAKAYAHAN NG MGA GURO SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO NG MGA MAG-AARAL SA ASIGNATURANG FILIPINO NG SENIOR HIGH SCHOOL

Jamie A. De Guzman<sup>1</sup>, Baby S. Abagon<sup>2</sup>

<sup>1</sup>(Luis National High School, Philippines)

<sup>2</sup>(Graduate School, President Ramon Magsaysay State University, Philippines)

**ABSTRACT :** Ang guro ang isa sa nakakaimpluwensya sa akademikong perormans ng mga mag-aaral. Nilayon ng pag-aaral na ito na malaman ang kakayahan ng mga guro sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa Asignaturang Filipino ng paaralang Pamibian Integrated School ng Candelaria at Taltal Integrated School ng Masinloc Zambales, 2019-2020. Ang Pananaliksik ay gumamit ng palarawang pamamaraan sa pamamagitan ng mga bahagdan, weighted mean, ANOVA at Likert Scale. Karamihan sa mga tagatugon na guro ay nagtapos ng BSIT/AB, tatlo hanggang limang taong nagtuturo, dayalek sa tahanan ay tagalog. Karamihan sa mga tagatugon na mag-aaral ay kumukuha ng TVL, libro na nakasulat sa Filipino ang kinagigiliwang basahin, at tagalog ang dayalek na sinasalita. Ang kakayahan sa pagtuturo sa kasanayan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ng mga guro ay mahusay at napakahusay naman sa kabatiran sa paksa, wastong saloobin, pananaw sa pagtuturo at sa propesyon at personalidad ng guro. Ang kakayahan sa pagkatuto ng asignaturang Filipino ng mga mag-aaral ay napakahusay sa pagpili ng wastong salita, wastong gamit ng mga salita, pagbuo ng pangungusap at sa panitikan. May makabuluhang pagkakaiba ang kakayahan sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa track na kinabibilangan ng mga mag-aaral, babasahing kinagigiliwan at dayalek na ginagamit sa tahanan.

**KEYWORDS:** Babasahing Kinagigiliwan, kakayahan, Kasanayan, Dayalek, at Track na Kinabibilangan

### I. PANIMULA

Ang guro ang pinakamahalaga pagdating sa tinatawag na school-based factor na nakaiimpluwensya sa akademikong perormans ng mga mag-aaral. Ang kahinaan sa akademikong perormans ng maraming mag-aaral sa mataas na paaralan, pampublikong pagsasanay at pampribadong paaralan ay nagdulot ng mahalagang atensyon sa mga mananaliksik sa larangan ng Educational Management. Sa mga nakaraang pag-aaral patungkol sa akademikong perormans ni AL-Mutairi (2011) na may indikasyon na may mga salik na nakaiimpluwensya sa nasabing perormans. Ang pag-aaral na ito ay nagdulot sa kasalukuyang mananaliksik na pag-ibayuhin ang pag-aaral na ito, maraming pagkakataon na kung bakit ang akademikong perormans ng mga mag-aaral pagdating sa asignaturang Filipino ay nahuhuli o mababa ang nakukuhang marka ng mga mag-aaral. Sa mga nakikitang pagtuturo ng mga guro ang kakayahan nila sa larangang ito ay binibigyang – pansin. Maaring isa itong salik at dahilan kung bakit naaapektuhan ang akademikong perormans ng mga mag-aaral. Sang –ayon kina Adunola (2011) at Ganyaupfu (2013) ang pagtuturo ay kolaboratibong paraan sa pagitan ng mag-aaral at ng tagapagturo.

### II. PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay upang malaman ang kakayahan ng mga guro sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa Asignaturang Filipino ng paaralang Pamibian Integrated School ng Candelaria at Taltal Integrated School ng Masinloc Zambales, 2019-2020.

Layunin din na matugunan ang mga tiyak na katanungan:

1. Ano ang propayl ng mga guro ayon sa :
  - 1.1 Kursong Natapos;
  - 1.2 Bilang ng taon sa pagtuturo; at
  - 1.3 Dayalek na ginagamit sa tahanan?
2. Ano ang propayl ng mga mag-aaral ayon sa :
  - 2.1 Track na kinabibilangan;
  - 2.2 Babasahing kinagigiliwan; at

- 2.3 Dayalek na ginagamit sa tahanan?
3. Ano ang kakayahan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ng mga guro ayon sa mga sumusunod na dimensyon:
    - 3.1 Kasanayan sa pagtuturo;
    - 3.2 Kabatiran sa paksa;
    - 3.3 Watong saloobin , pananaw sa pagtuturo at sa propesyon; at
    - 3.4 Personalidad ng guro?
  4. Ano ang kakayahan sa pagkatuto ng asignaturang Filipino ng mga mag-aaral ayon sa mga sumusunod na dimensyon:
    - 4.1 Pagpili ng wastong Salita;
    - 4.2 Wastong gamit ng mga Salita;
    - 4.3 Pagbuo ng Pangungusap;at
    - 4.4 Panitikan?
  - 5 . May makabuluhang pagkakaiba ba ang kakayahan sa asignaturang Filipino ng mga guro kung ito ay ipapangkat sa kanilang propayl?
  6. May makabuluhang pagkakaiba ba ang kakayahan sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral kung ito ay ipapangkat sa kanilang propayl?

### III. PAMAMARAANG GINAMIT AT HAKBANG NA ISINAGAWA

Ang Pananaliksik na ito ay gumamit ng Palarawang pamamaraan o descriptive method. Palarawang pamamaraan sapagkat ang mga datos ay inilalahad kung gaano karami o kalaki ang isang bagay at inilalahad din ang resulta sa pamamagitan ng mga bahagdan. Ayon naman kay Elise (2018) ang palarawang pamamaraan ay ang pangkasalukuyang ginagawa, pamant ayon at kalagayan , tumutugon sa tanong na sino, ano, kailan at paano na may kinalaman sa paksa ng pag- aaral. Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa mga guro sa pagtuturo at mga mag-aaral sa Asignaturang Filipino ng paaralang Pamibian Integrated School ng Candelaria at Taltal Integrated School ng Masinloc Zambales, 2019-2020. May isangdaan at labindalawang (112) mag-aaral at tatlong (3) guro sa asignaturang Filipino ang Pamibian Integrated School, samantalang may animnapu't apat (64) na mag-aaral at dalawang (2) guro ang Taltal National High School. Gumawa ang mananaliksik ng mga katanungan, kinuha at binuo ang mga katanungan buhat sa iba't ibang babasahin, internet at sa ibang papel pananaliksik. Pinatsek sa kanyang tagapayo at pinabalideyt sa mga eksperto. Ang talatanungan ay isinagawa para sa balidasyon, layunin nito ang makita ang mahihina at malalabong bahagi o bilang ng talatanungan at iwinasto ang dapat iwasto sa talatanungan at ipinatsek uli sa tagapayo at sa mga panel. Ang mananaliksik ay gumawa ng liham at humingi ng pahintulot sa kinaukulan ng paaralan ng senior high school, mga punong-guro ng bawat paaralang nabanggit na ginamit ang mga guro at ilang mga mag-aaral sa kanilang paaralan bilang tagatugon sa pananaliksik na ito. Pagkatapos makahingi ng pahintulot ay pinakiusapan ang mga guro ng Filipino at mag-aaral na tugunan ang mga talatanungan at tutulungan ang mananaliksik sa personal na pagbibigay ng mga talatanungan sa mga mag-aaral upang tugunan ang nauukol sa kanila. Personal ang ginawang pagsubaybay o paggabay sa pagsagot upang matugunan agad ang mga hindi maintindihan ng mga bata at mga guro. At buhat sa mga tugon sa mga talatanungan sinimulan ang pagpoproseso sa mga datos. Ang pagproseso sa mga nakalap na datos ay ginawa ng mananaliksik na ginabayan ng isang eksperto sa istatistika.

### IV. PRESENTASYON, INTERPRETASYON AT ANALISIS NG MGA DATOS

Unang Bahagi. Propayl ng mga guro

Talahanayan 2  
Propayl ng mga Gurong Tagatugon

Propayl ng mga Gurong Tagatugon	Indikeytor	Bilang	Bahagdan
Kursong Natapos	BSIT/AB	3	60.00
	BSE - Filipino	1	20.00
	BSIE	1	20.00
Bilang ng Taon sa Pagtuturo Mean = 2.8 years	1 buwan - 2 taon	2	40.00
	3 - 5 years	3	60.00
Dayalek na Ginagamit sa Tahanan	Tagalog	4	80.00
	Zambal	1	20.00
	<b>Total</b>	<b>5</b>	<b>100.00</b>

**Kursong natapos.** Mula sa limang (5) gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino, makikita na tatlong ( 3) guro (60%) ang nakatapos ng BSIT/AB, isang (1) (20%) guro naman ang nakatapos sa BSE –Filipino at isang (1)(20%) guro ang makatapos ng BSIE. Ibig sabihin nito mas maraming guro ang hindi nakapagtapos ng BSE

midyor sa Filipino ang nagtuturo ng asignaturang Filipino. Sa pag-aaral ni Royo (2010) nararapat na bigyang pagsasanay ang mga guro na magpalawak pa ng kanilang kasanayan at pamamaraan sa paglalahad ng aralin.

**Bilang ng Taon sa Pagtuturo.** Mula sa limang (5) gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino, makikita na may dalawang (2) guro (40%) ang nagtuturo na sa loob ng isang (1) buwan hanggang dalawang (2) taon at tatlong (3) guro (60%) ang nagtuturo sa loob ng tatlo (3) hanggang limang (5) taon. Ayon sa mga guro ng Unibersidad ng Corcordia Portland (2017), bilang isang tagapagturo isinasalang-alang mo kung paano mo gustong lapatan ang iyong paraan ng pagtuturo, ikaw bilang isang guro ay nagnanais na gumamit ng isang paraan na kapakipakinabang para sa lahat ng iyong mga mag-aaral upang tamasahin nila ang proseso ng pag-aaral at para naman sa iyong silid-aralan, upang maging maayos at kontrolado. Bukod dito walang dalawang guro ang nagtuturo sa parehong paraan, tulad ng walang dalawang mag-aaral na matuto ng isang bagay sa parehong paraan, ang estilo ng pagtuturo ng mga guro ay batay sa kanilang pilosopiya sa edukasyon, demograpiko ng kanilang silid-aralan, kung ano ang paksa (mga lugar na itinuturo nila), at kung ano ang misyon ng paaralan. Kung ikaw isang baguhang guro, maaari kang magtaka kung ano ang estilo ng iyong pagtuturo at kung paano ito makakaapekto sa iyong mga mag-aaral (Quinonez, 2014).

**Dayalek na Ginagamit sa Tahanan.** Mula sa limang (5) gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino, apat (4) na guro (80%) na tagalog ang ginagamit na dayalek sa tahanan at isang (1) guro (20%) na zambal ang ginagamit na dayalek. Ibig sabihin lang na ang tagalog ang pinakagamitin na lenggwaha sa pakikipagtalastasan ng mga guro sa kanilang pagtuturo, kapaligiran at sa pang –araw-araw na Gawain.

**Ikalawang Bahagi. Ano ang propayl ng mga mag-aaral**

**Track na kinabibilangan**

**Talahanayan 3**  
**Propayl ng mga Mag-aaral na Respondente**

Track	Frequency	Percent
HUMMS	54	30.68
ABM	35	19.89
TVL	87	49.43
<b>Total</b>	<b>176</b>	<b>100.00</b>

Mula sa isangdaan at pitumpu't anim (176) na mag-aaral, limampu't apat (54) o (30.68%) ang kumuha ng HUMMS, tatumpu't limang (35) o 19.89% mag-aaral ang kumuha ng ABM at walumpu't pitong (87) o (49.43%) mag-aaral ang kumuha ng TVL. Ibig sabihin lang na mas maraming mag-aaral ang kumukuha ng TVL (Technical Vocational Livelihood), Mahalaga na sa murang edad ng mga mag-aaral ay naiintindihan ang asignaturang Filipino. Kaya naman kailangan ang patuloy na paglinang sa kakayahan ng mga bata na magamit ito araw-araw sa kanilang pamumuhay.

**Babasahing Kinagigiliwan**

**Talahanayan 4**  
**Babasahing kinagigiliwan**

Babasahing Kinagigiliwan	Frequency	Rank
Pahayagan na nasa Filipino nakasulat	97	2
pahayagn na nasa Ingles nakasulat	52	7
libro na nasa Filipino nakasulat	119	1
libro na nasa Ingles nakasulat	62	4
Magasin na nasa Filipino nakasulat	59	5
Magasin na nasa Ingles nakasulat	38	8
Diksyunaryong Filipino	64	3
Diksyunarong Ingles	53	6
Wattpad	34	9

Ipinapakita na nangunguna (1<sup>st</sup>) sa ranggo ang “libro na nasa Filipino nakasulat” na may isangdaan at labinsiyam (119) na mag-aaral ang kinagigiliwang basahin ito, pumapangalawa (2<sup>nd</sup>) sa ranggo ang “Pahayagan na nasa Filipino nakasulat” na may siyamnapu't pito (97) na mag-aaral ang nagbabasa nito at ang pumapangatlo (3<sup>rd</sup>) sa ranggo ang “Diksyunaryo Filipino” na may animnapu't apat (64) na mag-aaral ang nagbabasa nito. Ibig

sabihin maraming mag-aaral ang nais magbasa ng libro, pahayagan at diksyunaryo na nasusulat sa Filipino Kabaligtaran sa ginawang pag-aaral ni Gamban (2016) na ang nanguna sa mga kinahihiligang basahin ng mga mag-aaral ay libro na nasa Ingles nakasulat.

### Dayalek na ginagamit sa tahanan

**Talahanayan 5**  
**Dayalek na ginagamit sa tahanan**

Dayalek na ginagamit sa tahanan	Frequency	Rank
Tagalog	164	1
Ilokano	30	3
Zambal	113	2
Kapampangan	5	4
Pangasinense	4	5
Cebuano	1	8
Bicol	3	7
Waray	2	5

Ipinapakita na nangunguna (1<sup>st</sup>) sa ranggo ang “Tagalog” na may isangdaan at animnapu’t apat (164) ang gumagamit nito, pumapangalawa (2<sup>nd</sup>) sa ranggo ang “Zambal” na may isangdaan at labintalong (113) mag-aaral ang nagsasalita nito at pumapangatlo (3<sup>rd</sup>) sa ranggo ang “Ilokano” na may tatlong (30) mag-aaral ang gumagamit nito. Ibig sabihin lamang na ang mga ma-aaral na tagatugon ay gumagamit ng dayalek na Tagalog, Zambal at Ilokano dahil na rin sa sila ay lumaki sa Zambales na kinamulatan ang tatlong dayalek na ito.

Sa katunayan, ang tagalog ay ginawang saligan ng Wikang Pambansa sa dahilang ito’y nahahawig sa maraming wikain sa bansa. Kaya hindi naging mahirap ang tagalog sa mga di tagalog. Sapagkat hawig ito sa lahat ng wika sa Pilipino. 59.6% sa Bikol, 31.1% s Ilokano at iba pa, dumating sa punto na sa panahon ng dating pangulong Manuel L. Quezon, Disyembre 30, 1937 – Sa pamamagitan ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 134 ng Pangulong Quezon, ang Wikang Pambansa ay ibabatay sa Tagalog. Ang batayan ng Wikang Pambansa na tagalog ay nagtataglay rin 5,000 salitang Kastila 1,500 sa Ingles, 1,500 sa Instik, at 3,000 sa Malay

### Ikatlong Bahagi. Kakayahan sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino ng mga Guro ayon sa Kasanayan sa Pagtuturo

#### Kasanayan sa Pagtuturo

**Talahanayan 6**

#### **Kakayahan sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino ng mga Guro ayon sa Kasanayan sa Pagtuturo**

Kasanayan sa Pagtuturo	AWM	DE	Rank
1.Naghahanda at gumagamit ng mga kagamitang panturo sa pagtatamo ng mga tunguhin sa pagtuturo.	3.60	Napakahusay	1
2.Gumagamit ng iba’t ibang teknik at istrategiya sa masigla at kawili-wiling pagtuturo.	3.38	Napakahusay	3
3.Kinikilala at binibigyan ng kaukulang pansin ang pangangailangan, kakayahan at interes o kawilihan ng mga mag-aaral.	3.20	Mahusay	5
4.Bihasang maglahad at magpaliwanag ng aralin.	3.21	Mahusay	4
5.Nagagawang maging mabisa at buhay na buhay ang mga talakayan, papapaliwanag at palitan ng kuro at opinion.	3.40	Napakahusay	2
<b>Overall Weighted Mean</b>	<b>3.36</b>	<b>Napakahusay</b>	

Sa kabuuang weighted mean ay nakakuha ng 3.26 na ang ibig sabihin ay napakahusay. Ang mga guro ay nag-aangkin ng kaalaman patungkol kung paano maghanda at gumagamit ng mga kagamitang panturo na makakapagbigay tulong sa pagpapaunald ng kasanayan at kakayahan ng mga mag-aaral sa asignaturang

Filipino. Sa pag-aaral ni Mapa (2014), mananatiling pinakamahalagang bahagi ng pagtuturo at pag-aaral ang pagkatuto. Lumalabas na ang pagkatuto ay nakabatay sa kung paano at anong paraan ang gagamitin ng mga guro sa pagtuturo. Ang mga pamamaraang gagamitin ng mga guro ay nakabatay din sa ninanais niyang resulta na makamit ng mga mag-aaral at maging sa paksa ng kanyang araling kanyang ituturo.

### Kabatiran sa Paksa

#### Talahanayan 7

##### Kakayahan sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino ng mga Guro ayon sa Kabatiran sa Paksa

Kabatiran sa Paksa	AWM	DE	Rank
1. May ganap na kabatiran sa nilalaman ng kursong itinuturo.	3.40	Napakahusay	3
2. Nasasagot nang may katiyakan at kalinawan ang mga katanungan ng mga mag-aaral.	3.20	Mahusay	5
3. May kaalaman hindi lamang sa saklaw ng kuro o asignatura kundi gayon din sa kaugnayan nito sa iba pang kurso, asignatura o disiplina.	3.80	Napakahusay	1
4. May laging bago at <i>up-to-date</i> na kabatiran hinggil sa itinuturo.	3.44	Napakahusay	2
5. Malawak at higit na malalim ang kabatiran ng guro sa paksa, asignatura, kursong itinuturo sa pagtalakay ng mga aralin.	3.22	Mahusay	4
<b>Overall Weighted Mean</b>	<b>3.41</b>	<b>Napakahusa y</b>	

Sa kabuuan weighted mean ay nakakuha ng 3.41 na ang ibig sabihin ay napakahusay, may sapat na kaalaman ang guro hindi lamang sa saklaw ng kuro o asignatura kundi gayon din sa kaugnayan nito sa iba pang kurso, asignatura o disiplina. Ang mahusay na pagtuturo ng guro ay nakadepende sa pinakamabisang paraan para maibahagi ang kaalaman at impormasyon sa kanyang mga mag-aaral. Ito ay isang kasanayan na kinakailangan ng tuloy-tuloy na paghahasa, paglinang at pangangalaga. Ayon kay Manny (2019), kailangang paunlarin at hasain ng mga guro ang kanilang mga kasanayan upang mahasa ang pag-iisip ng kanilang mga estudyante. Kailangan nilang maging handa 'academically' ngunit kailangan din nila ng abilidad upang mabigyan ng motibasyon ang mga mag-aaral. Hindi lamang ito usapin ng kaalaman sa dapat ituro ngunit kung paano maibabahagi ang isang kaalaman.

### Wastong Saloobin , Pananaw sa Pagtuturo at sa Propesyon

#### Talahanayan 8

##### Kakayahan sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino ng mga Guro ayon sa Wastong Saloobin, Pananaw sa Pagtuturo at sa Propesyon

Wastong Saloobin , Pananaw sa Pagtuturo at sa Propesyon.	AWM	DE	Rank
1. Mataas ang pagpapahalaga at may magandang pagtingin sa propesyong pagtuturo.	3.80	Napakahusay	1
2. Ikinararangal ang pagtuturo at nakadarama ng kasiyahan at kaligayahan sa pagtupad sa kanyang tungkulin.	3.58	Napakahusay	3
3. Malikhain at mapamaraan sa pagtuturo.	3.55	Napakahusay	4
4. Nakapagbibigay nang natatanging paglilingkod sa loob at labas ng paaralan.	3.60	Napakahusay	2
5. May mabuting paghahanda sa bawat araw ng pagtuturo at pagharap sa klase.	3.20	Mahusay	5
<b>Overall Weighted Mean</b>	<b>3.55</b>	<b>Napakahusay</b>	

Sa kabuuang weighted mean ay nakakuha ng 3.55 na ang ibig sabihin ay napakahusay. Lumalabas na mataas ang pagpapahalaga at may magandang pagtingin sa propesyong pagtuturo ang mga guro sa propesyong kanilang tinahak. Ang kakayahan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ng guro ay isang propesyong hindi biro, maraming aspeto ang dapat isaalang-alang upang matugunan ang kahingian sa pagpapaunald ng kasanayan at kakayahan ng mga mag-aaral. Kaya't ang wastong saloobin, pananaw sa pagtuturo at sa propesyon ay gawing positibo upnang maging matagumpay ang pagtuturo. Sa pag-aaral na isinagawa ni Puno (2014), lumalabas na ang mga salik na matagumpay sa pagtuturo nng mga guro ay may positibong ugali, may kahandaan Ang kahusayan at kaalaman sa saklaw na nilalaman ng mga paksang itinuturo, may haplos personal, masayahin,

malikhain at ipinadaramang kabilang ang mga mag-aaral na sila'y kabilang sa klase. Ayon kina Munir at Rehman (2016), nakasalalay sa pag-uugali ng guro ang kinikilos ng mga mag-aaral nanakabatay sa kanyang pamantayang gusto niyang masunod sa loob ng silid-aralan.

### Personalidad ng Guro

#### Talananayan 8

##### Kakayahan sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino ng mga Guro ayon sa Personalidad ng Guro

Personalidad ng Guro	AWM	DE	Rank
1.May kaaya-ayang katauhan, masayang disposisyon, may diwa ng paluwag-tawa( sense of humor).	3.66	Napakahusay	1
2.May katamtamang lakas ng tinig na nagagamit sa malinaw na pagpapaliwanag ng aralin.	3.40	Napakahusay	3
3.May antas na kasanayan sa pakikipagtalastasan.	3.23	Mahusay	4
4.May mataas na pagpapahalaga sa pagtuturo.	3.60	Napakahusay	2
5.Maunlad, mapanaliksik, malikhain, mapamaraan at may pagkukusa sa pagtuturo.	3.20	Mahusay	5
<b>Overall Weighted Mean</b>	<b>3.42</b>	<b>Napakahusay</b>	

Sa kabuuan weighted mean ay nakakuha ng 3.42 na ang ibig sabihin ay napakahusay. Lumalabas na ang mga guro ay may kaaya-ayang katauhan, masayang disposisyon, may diwa ng paluwag-tawa (sense of humor) habang nagtuturo at nasa loob ng klase. Ang mga magagaling na guro ay umaasang lahat ng kanilang estudyante ay magsisikap at gustong matuto. Kinikilala nila ang mga estudyante sa iba't-ibang yugto ng abilidad at katangian. Gayunpaman, sila ay naniniwala na lahat ng kanilang estudyante ay matuto, makakamtam ang tunay na progreso sa bawat na taon na pagdaanan at matamo ang mga pangunahing kakayahan tulad ng pagbasa, pagsulat at pagbilang ng numero (Teachers Talk, 2017).

### Ikaapat na bahagi. Kakayahan sa pagkatuto ng asignaturang Filipino ng mga mag-aaral ayon sa mga sumusunod na dimension

#### Pagpili ng wastong Salita

#### Talananayan 9

##### Kakayahan sa Pagkatuto ng Asignaturang Filipino ng mga Mag-aaral ayon sa Pagpili ng Wastong Salita

	Pagpili ng wastong Salita	AWM	DE	Rank
1	Nakagagamit ng mga salita na pare-pareho ang kahulugan subalit may kanya-kanyang tiyak na gamit.	3.36	Napakahusay	1
2	Nakagagamit nang paglulumanay na salita sa pagpapahayag.	3.24	Mahusay	3
3	Nakapag-uuri-uri ng mga salita ayon sa kaisipang/konseptwal na ipinahihiwatig	3.31	Napakahusay	4
4	Natutukoy ang kahulugan ng di-pamilyar/bagong salita batay sa; kumpas o galaw ekspresyon ng mukha paggagagad ugnayang salita-larawan gamit ng mga salita.	3.30	Napakahusay	5
5	Natutukoy ang kahulugan ng di-pamilyar o bagong salita batay sa kayarian, salitang-ugat at panlapi, katangian, kasingkahulugan, at magkasalungat na kahulugan.	3.28	Napakahusay	2
	<b>Kabuuan Iskor</b>	<b>3.30</b>	<b>Napakahusay</b>	

Sa kabuuan iskor ay nakakuha ng 3.20 na ang ibig sabihin ay napakahusay. Lumalabas na maalam ang mga mag-aaral sa paggamit ng pagpili ng wastong salita. Ayon kay Maximo (2015), lumalawak ang kaisipan ng isang mananaliksik dahil sa walang humpay na pagbasa, nag-iisip, nanunuri at naglalahad o naglalapat ng interpretasyon. Ayon kay Dr. Jose Villa Panganiban, hinalaw ni Iva (2015) ang maayos na pagpili ng wastong salita sa loob ng isang pahayag ay maunawaan, makahikayat at kalugdan ng mga nakikinig o bumabasa. Ang ginawang pananaliksik ni Wang (2010), ang pagkakaroon ng masteri sa balarila ay pundasyon ng pagkakaroon ng kahusayan sa wika, mahalaga ang balarila bilang bahagi ng wika sa pagtuturo, ang balarila ay epektibong

paraan para sanayin ang mga mag-aaral sa pakikipagkomunikasyon gamit ang Ingles na wika, kaya sa kanyang pag-aaral ang balarila at ang kakayahang pangkomunikatibo ay iisa. Sang – ayon ang kasalukuyang manaliksik sa pag-aaral na isinagawa ni Wang, kailangan talagang maalam ang mga Pilipino sa Balarilang Filipino lalong-lalo na sa pagpili ng mga wastong salitang gagamitin.

### Wastong gamit ng mga Salita

#### Talahanayan 10

#### Kakayahan sa Pagkatuto ng Asignaturang Filipino ng mga Mag-aaral ayon sa Wastong Gamit ng mga Salita

	Wastong gamit ng mga Salita	AWM	DE	Rank
1	Nakagagamit nang angkop na salita upang maipahayag ang sariling ideya, karanasan, kaalaman o damdamin.	3.39	Napakahusay	1
2	Nakapagbibigay ng mga salitang magkasingkahulugan magkasalungat.	3.31	Napakahusay	4
3	Natutukoy ang tamang paggamit ng mga salita sa isang pangungusap.	3.33	Napakahusay	3
4	Nababasa at naisusulat ang mga salita na may wastong gamit ng mga salita.	3.34	Napakahusay	2
5	Nagagamit ang mga salita na binubuo ng mga; kambal-katinig/klaster,diptonggo, ponemang malayang nagpapalitan.	3.30	Napakahusay	5
	<b>Kabuuang Iskor</b>	<b>3.33</b>	<b>Napakahusay</b>	

Sa kabuuan ang iskor ay 3.33 na angibig sabihin ay napakahusay. Lumalabas na ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino na gamit ang wastong mga salita ay simbolo lamang na may sapat na kaalaman sa gramatikang Filipino lalo na sa paggamit nang angkop na salita na nagpapahayag ng sariling ideya, karanasan, kaalaman o damdamin.Sa artikulo ni Zafra (2016), pinag-aaralan ang gramatika para magpalitaw ng mga pagpapakahulugan at kabatiran tungkol sa pananaw, paniniwala, pagpapahalaga, saloobin, at pagkataong Filipino. Pangalawa, pinag-aaralan ang paggamit ng wika ayon sa kaangkupan nito sa konteksto ng isang kultura. Batay sa konsepto ng communicative competence, hindi sapat na alam lang ng mga estudyante ang kahulugan ng mga salita at ang mga tuntunin sa paggamit ng iba't ibang bahagi ng pananalita. Itinuturo rin ang angkop na paggamit at pagpapakahulugan sa wika sa iba't ibang panlipunang sitwasyon at pangkulturang konteksto.

### Pagbuo ng Pangungusap

#### Talahanayan11

#### Kakayahan sa Pagkatuto ng Asignaturang Filipino ng mga Mag-aaral ayon sa Pagbuo ng Pangungusap

	Pagbuo ng Pangungusap	AWM	DE	Rank
1	Naipapahayag nang wasto ang mga pantig, at salita sa pagbuo ng pangungusap .	3.27	Napakahusay	3
2	Naisasaalang-alang ang mga panuring na ginagamit sa modipikasyon ng pangungusap	3.26	Napakahusay	4
3	Nagagamit nang wasto ang iba't ibang uri ng pang-abay para sa mga positibo at negatibong pangungusap.	3.22	Mahusay	5
4	Nakapagpapahayag ng mga pangungusap na walang paksa nang maayos at wasto.	3.28	Napakahusay	2
5	Nakagagamit ng mga wastong pananda sa pagpapahayag ng kilos sa pagbuo ng sariling pangungusap sa paraang pasulat.	3.28	Napakahusay	1
	<b>Kabuuang Iskor</b>	<b>3.26</b>	<b>Napakahusay</b>	

Sa kabuuan iskor ay 3.26 na ang ibig sabihin ay napakahusay.Lumalabas na sapat ang kaalaman ng mga mag-aaral sa pagbuo ng pangungusap na ginagamitan ng mga wastong pananda sa pagpapahayag ng kilos sa pagbuo ng sariling pangungusap sa paraang pasulat. Sa isinagawang pag-aaral ni Gamban (2016)

napakahusay ng lebel ng propisyensi sa Gramatikang Filipino ng mga guro ayon sa pagpili ng pagbuo ng pangungusap. Ibig sabihin na kaintal sa kaisipan ng mga guro ang mga pag-aaral na nagawa noong nag-aaral pa sa asignaturang Filipino. Kabaligtaran naman ng resultang lumabas sa pananaliksik ni Abad (2019) ang mga mag-aaral na tagatugon any nahihirapang bumuo ng pangungusap na nangangahulugang hindi bihasa anng mga mag-aaral sa paggamit ng tamang wika at hindi alam ang istruktura sa pagbuo ng pangungusap.

### Panitikan

#### Talahanayan 12

#### Kakayahan sa Pagkatuto ng Asignaturang Filipino ng mga Mag-aaral ayon sa Panitikan

	Panitikan	AWM	DE	Rank
1	Nakabubuo ng sariling ideya pagkatapos bumasa ng mga akda	3.32	Napakahusay	1
2	Nauunawaan nang lubusan ang mga mensaheng napakinggan o nabasang akda.	3.23	Mahusay	4
3	Nasusuri nang maayos ang mga nilalaman ng akdang nabasa o napakinggan	3.30	Napakahusay	2
4	Nakapagsasalaysay nang sariling kaalaman at naiuugnay ito sa nabasang akda.	3.24	Mahusay	3
5	Nakapagpapaliwanag nang husto at malinaw na naipapahayag ang saloobin sa bawat akdang natalakay.	3.20	Mahusay	5
	<b>Kabuuang Iskor</b>	<b>3.26</b>	<b>Napakahusay</b>	

Sa kabuuan iskor ay 3.26 na nag ibig sabihin ay napakahusay, lumalabas na sapat ang kakayahang makabuo ng sariling ideya pagkatapos bumasa ng mga akda ang mga mag-aaral. Pinatutunayan ng K to 12 Filipino Kurikulum ng Kagawaran ng Edukasyon (2013), pangkalahatang layunin ng Kurikulum ng K to 12 ang makalinang ng isang buo at ganap na Filipino may kapaki - pakinabang na literasi. Inaasahan sa ikawalong baitang nanaipamamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo, mapanuring pag-iisip, at pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan gamit ang teknolohiya at iba't ibang uri ng teksto at akdang pampanitikang pambansa upang maipagmalaki ang kulturang Pilipino. Pinagtibay ng Kurikulum ng Edukasyong Sekondarya K to 12 (K to 12 Secondary Education Curriculum) ang Kapaki-pakinabang na Literasi para sa Lahat (Functional). Literacy For All) na ibinatay sa mithiin ng Edukasyon para sa Lahat 2015 (Education for All 2015). Kabaligtaran sa isinaad ni De Juan (2013) sa paglalalahad niya ng mga suliranin sa pagtuturo ng Filipino, ang kawalan ng interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng mga akdang pampanitikan at ang guro ay hindi mulat sa lahat ng pagbabagong nagaganap sa kapaligiran lalo na sa larangan ng wika at panitikan para sumunod sa makabagong estilo o teknik sa pagtuturong Filipino ang kanyang mga maituturo.

**Ikalimang Bahagi. Makabuluhang pagkakaiba ng kakayahan sa asignaturang Filipino ng mga guro kung ito ay ipapangkat sa kanilang propayl**

**Makabuluhang pagkakaiba sa Kakayahan sa Asignaturang Filipino ng mga Guro kung ito ay ipapangkat sa kursong natapos**

#### Talahanayan 13

#### Makabuluhang pagkakaiba sa Kakayahan sa Asignaturang Filipino ng mga Guro kung ito ay ipapangkat sa kursong natapos

Source of Variations		df	F	Sig.	Decision/ Interpretation
Kasanayan sa Pagtuturo	Between Groups	2	0.34	0.74	Accept Ho Not Significant
	Within Groups	2			
	Total	4			
Kabatiran sa Paksa	Between Groups	2	0.11	0.90	Accept Ho Not Significant
	Within Groups	2			
	Total	4			
Wastong Saloobin,	Between Groups	2	1.17	0.46	Accept Ho



Pananaw sa Pagtuturo at sa Propesyon	Within Groups	2			Not Significant
	Total	4			
Personalidad ng Guro	Between Groups	2	1.50	0.40	Accept Ho Not Significant
	Within Groups	2			
	Total	4			

Ang makabuluhang pagkakaiba para sa kasanayan sa pagtuturo (0.74), kabatiran sa paksa (0.90), wastong saloobin, pananaw sa pagtuturo at sa propesyon (0.46) at personalidad (0.40) na mas mataas (>) sa (0.05) alpha level of significance, ang walang bisang pala-palagay ay tanggap at nangangahulugang walang makabuluhang pagkakaiba ang kakayahan sa asignaturang Filipino ng mga guro sa kursong natapos. Ibig sabihin sadyang matatalino ang mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino dahil sa likas na sa kanila ang pagiging isang guro at marahil na rin sa tinatawag na silakbo ng damdamin sa pagtuturo kaya ang pagsasanay sa pagtuturo, kabatiran sa paksa, wastong saloobin, pananaw sa pagtuturo at sa propesyon at ang personalidad ng guro ay mahusay na naisasakatuparan, kaya naman di hadlang ang tinapos nilang kurso upang maisakatuparan ang mga nabanggit na katangian.

#### Makabuluhang Pagkakaiba ng Kakayahan sa Asignaturang Filipino ng mga Guro kung ito ay ipapangkat sa Bilang ng taon sa pagtuturo

**Talahanayan 14**  
**Makabuluhang Pagkakaiba ng Kakayahan sa Asignaturang Filipino ng mga Guro kung ito ay ipapangkat sa Bilang ng taon sa pagtuturo**

Source of Variations		df	F	Sig.	Decision/ Interpretation
Kasanayan sa Pagtuturo	Between Groups	1	0.29	0.63	Accept Ho Not Significant
	Within Groups	3			
	Total	4			
Kabtiran sa Paksa	Between Groups	1	1.88	0.26	Accept Ho Not Significant
	Within Groups	3			
	Total	4			
Wastong Saloobin, Pananaw sa Pagtuturo at sa Propesyon	Between Groups	1	0.02	0.89	Accept Ho Not Significant
	Within Groups	3			
	Total	4			
Personalidad ng Guro	Between Groups	1	6.00	0.09	Accept Ho Not Significant
	Within Groups	3			
	Total	4			

Ang makabuluhang pagkakaiba para sa kasanayan sa pagtuturo (0.63), kabatiran sa paksa (0.26), wastong saloobin, pananaw sa pagtuturo at sa propesyon (0.89) at personalidad (0.09) na mas mataas (>) sa (0.05) alpha level of significance, ang walang bisang pala-palagay ay tanggap at nangangahulugang walang makabuluhang pagkakaiba. Lumabas na ang kasanayan sa pagtuturo, kabatiran sa paksa, wastong saloobin, pananaw sa pagtuturo at sa propesyon personalidad ng guro ay walang kinalaman ang kursong kanilang natapos. ang kakayahan sa asignaturang Filipino ng mga guro sa bilang ng taon sa pagtuturo.

#### Makabuluhang Pagkakaiba ng Kakayahan sa Asignaturang Filipino ng mga Guro kung ito ay ipapangkat sa Dayalek na Ginagamit sa Tahanan

**Talahanayan 15**  
**Makabuluhang Pagkakaiba ng Kakayahan sa Asignaturang Filipino ng mga Guro kung ito ay ipapangkat sa Dayalek na Ginagamit sa Tahanan**

Source of Variations	df	F	Sig.	Decision/ Interpretation
----------------------	----	---	------	--------------------------

Kasanayan sa Pagtuturo	Between Groups	1	0.32	0.61	Accept Ho Not Significant
	Within Groups	3			
	Total	4			
Kabatiran sa Paksa	Between Groups	1	0.07	0.81	Accept Ho Not Significant
	Within Groups	3			
	Total	4			
Wastong Saloobin, Pananaw sa Pagtuturo at sa Propesyon	Between Groups	1	0.32	0.61	Accept Ho Not Significant
	Within Groups	3			
	Total	4			
Personalidad ng Guro	Between Groups	1	0.00	1.00	Accept Ho Not Significant
	Within Groups	3			
	Total	4			

Ang makabuluhang pagkakaiba para sa kasanayan sa pagtuturo (0.61), kabatiran sa paksa (0.81), wastong saloobin, pananaw sa pagtuturo at sa propesyon (0.61) at personalidad (1.00) na mas mataas (>) sa (0.05) alpha level of significance, ang walang bisang pala-palagay ay tanggap at nangangahulugang walang makabuluhang pagkakaiba ang kakayahan sa asignaturang Filipino ng mga guro sa dayalek na ginagamit sa tahanan. Ibig sabihin ang mga nagawa, naranasan at natapos ng mga tagatugon ay malaki ang naging kinalabasan sa mga guro sa kanilang pagkakaroon ng kaalaman sa gramatika lalong-lalo na sa kasanayan sa pagtuturo, kabatiran sa paksa, wastong saloobin, pananaw sa pagtuturo at sa propesyon at personalidad ng guro kayat walang kinalaman ang kanilang dayalek na ginagamit sa tahanan.

**Ikaanim na Bahagi. Makabuluhang pagkakaiba ng kakayahan sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral kung ito ay ipapangkat sa kanilang propayl.**

**Makabuluhang Pagkakaiba ng kakayahan sa Asignaturang Filipino ng mga Mag-aaral kung ito ay ipapangkat sa Track na Kinabibilangan.**

#### Talahanayan 16

**Makabuluhang Pagkakaiba ng kakayahan sa Asignaturang Filipino ng mga Mag-aaral kung ito ay ipapangkat sa Track na Kinabibilangan**

Source of Variations		df	F	Sig.	Decision/ Interpretation
Pagpili ng wastong salita	Between Groups	2	6.19	0.00	Reject Ho Significant
	Within Groups	173			
	Total	175			
Wastong gamit ng salita	Between Groups	2	8.66	0.00	Reject Ho Significant
	Within Groups	173			
	Total	175			
Pagbuo ng pangungusap	Between Groups	2	4.77	0.01	Reject Ho Significant
	Within Groups	173			
	Total	175			
Panitikan	Between Groups	2	4.29	0.02	Reject Ho Significant
	Within Groups	173			
	Total	175			

Ang makabuluhang pagkakaiba para sa pagpili ng wastong salita (0.00), wastong gamit ng salita (0.00), pagbuo ng pangungusap (0.01) at panitikan (0.02) na mas mababa (<) sa (0.05) alpha level of significance, ang walang bisang pala-palagay ay di - tanggap at nangangahulugang may makabuluhang pagkakaiba ang

kakayahan sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa track na kinabibilangan ng mga mag-aaral. Ibig sabihin maaaring ang kaalaman ng mga mag-aaral sa gramatikang Filipino kaugnay sa Track na kanilang kinabibilangan ay nakatulong at nakapagbigay ng kaalaman sa kanila kung paano ang pag-aanalisa at paggamit ng wastong gramatika. Gaya ng pag-aaral ni Kumar (2015), ang balarila ay mahalaga sa pag-aaral ng pangalawang wika sa pagiging epektibo, tama at maayos na pagsasalita, kaya't nangangailangan ng tamang pakikinig at pagsasalita gamit ang tamang balarila.

#### **Makabuluhang Pagkakaiba ng kakayahan sa Asignaturang Filipino ng mga Mag- aaral kung ito ay ipapangkat sa Babasahing Kinagigiliwan**

Ang makabuluhang pagkakaiba para sa pagpili ng wastong salita ( 0.00), wastong gamit ng salita ( 0.00), pagbuo ng pangungusap ( 0.00) at panitikan ( 0.00) na mas mababa ( <) sa ( 0.05) alpha level of significance, ang walang bisang pala-palagay ay di - tanggap at nangangahulugang may makabuluhang pagkakaiba ang kakayahan sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa babasahing kinagigiliwan.

#### **Talahanayan 17**

#### **Makabuluhang Pagkakaiba ng kakayahan sa Asignaturang Filipino ng mga Mag-aaral kung ito ay ipapangkat sa Babasahing Kinagigiliwan**

Source of Variations		df	F	Sig.	Decision/ Interpretation
Pagpili ng wastong salita	Between Groups	8	144.62	0.00	Reject Ho Significant
	Within Groups	167			
	Total	175			
Wastong gamit ng salita	Between Groups	8	42.40	0.00	Reject Ho Significant
	Within Groups	167			
	Total	175			
Pagbuo ng pangungusap	Between Groups	8	38.72	0.00	Reject Ho Significant
	Within Groups	167			
	Total	175			
Panitikan	Between Groups	8	36.40	0.00	Reject Ho Significant
	Within Groups	167			
	Total	175			

Ayon sa resulta, Ito ay nangangahulugan na ang kakayahan sa Asignaturang Filipino ng mga mag-aaral ayon sa pagpili ng wastong salita, wastong gamit ng salita, pagbuo ng pangungusap at panitikan ay paraan upang sila ay magkaroon ng sapat na kaalamang magbasa. Kaya nga sa Generative Transformational Linguistics ni Chomsky (1965) ay nagsusulong sa kaisipang ang pagkatuto ng wika ay hindi lamang sa pamamagitan ng “habit”, “imitation”, conditioning o stimulus-response” kundi ito ay malikhaing proseso, ang taglay na kaalaman sa wika ay nagbibigay sa kanya ng kakayahang bumuo ng mga pangungusap na katanggap-tanggap sa nagmamay-ari ng wika at ang kakayahang kumilala nang tama sa maling pangungusap.

#### **Makabuluhang Pagkakaiba ng kakayahan sa Asignaturang Filipino ng mga Mag- aaral kung ito ay ipapangkat sa Dayalek na Ginagamit sa Tahanan**

#### **Talahanayan 18**

#### **Makabuluhang Pagkakaiba ng kakayahan sa Asignaturang Filipino ng mga Mag-aaral kung ito ay ipapangkat sa Dayalek na Ginagamit sa Tahanan**

Source of Variations		df	F	Sig.	Decision/ Interpretation
Pagpili ng wastong salita	Between Groups	6	279.63	0.00	Reject Ho Significant
	Within Groups	169			

	Total	175			
Wastong gamit ng salita	Between Groups	6	62.95	0.00	Reject Ho Significant
	Within Groups	169			
	Total	175			
Pagbuo ng pangungusap	Between Groups	6	70.40	0.00	Reject Ho Significant
	Within Groups	169			
	Total	175			
Panitikan	Between Groups	6	61.19	0.00	Reject Ho Significant
	Within Groups	169			
	Total	175			

Ang makabuluhang pagkakaiba para sa pagpili ng wastong salita ( 0.00), wastong gamit ng salita ( 0.00), pagbuo ng pangungusap ( 0.00) at panitikan ( 0.00) na mas mababa (<) sa ( 0.05) alpha level of significance, ang walang bisang pala-palagay ay di - tanggap at nangangahulugang may makabuluhang pagkakaiba ang kakayahan sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral dayalek na ginagamit sa tahanan . Ibig sabihin marahil talagang ang kaalaman sa gramatika ng mga mag-aaral ay malaki ang kaugnayan ng tahanan sa pagpapaunlad ng kanilang gramatika at kaakibat ang panitikan. Ang ginawang pananaliksik ni Wang (2010), ang pagkakaroon ng masteri sa balarila ay pundasyon ng pagkakaroon ng kahusayan sa wika, mahalaga ang balarila bilang bahagi ng wika sa pagtuturo, madali na lamang na malaman kung paano gamitin nang wasto ang mga salita na ginagamit sa pagbuo ng pangungusap lalo na sa pang-araw-araw na gawain.

## V. KONKLUSYON

1. Karamihan sa mga tagatugon na guro ay nagtapos ng BSIT/AB, nagtuturo sa loob ng tatlo hanagang limang taon, at kalimitang ginagamit na dayalek sa tahana ay tagalog.
2. Karamihan sa mga tagatugon na mag-aaral ay kumukuha ng TVL, libro na nasa Filipino nakasulat ang kinagigiliwang basahin, at tagalog ang dayalek na sinasalita.
3. Ang kakayahan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ng mga guro ay mahusay sa kasanayan sa pagtuturo at napakahusay naman sa kabatiran sa paksa, wastong saloobin , pananaw sa pagtuturo at sa propesyon at personalidad ng guro.
4. Ang kakayahan sa pagkatuto ng asignaturang Filipino ng mga mag-aaral ay napakahusay sa pagpili ng wastong salita, wastong gamit ng mga salita, pagbuo ng pangungusap at sa panitikan.
5. Walang makabuluhang pagkakaiba ang kakayahan sa asignaturang Filipino ng mga guro sa kursong natapos, bilang ng taon sa pagtuturo, at dayalek na ginagamit sa tahanan.
6. May makabuluhang pagkakaiba ang kakayahan sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa track na kinabibilangan ng mga mag-aaral, babasahing kinagigiliwan at dayalek na ginagamit sa tahanan.

## VI. REKOMENDASYON

1. Ang mga guro lalo na sa larangan ng wika, mangyari ay mabigyan pa ng pagkakataon ang mga mag-aaral na mapansin ang kanilang pangangailangan at mga katanungan sa paksa sa pamamagitan ng sapat na paghahanda sa paksa at pagdulog.
2. Sa isang konteksto, mas mainam na gumamit ng wika ang mag-aaral ay mas komportable sa paggamit, Filipino o minsan sa katutubong wika sapagkat mas nailalahad nila ang kanilang nais iparating na impormasyon sa isang tiyak na paksa, magamit nang may kaalaman sa mga ponolohiyang nasasangkot at mga bahagi ng panalita.
3. Minumungkahi na ang mga guro ay mabigyan ng kalayaan na gumamit ng mabisang pamamaraan ayon sa kanyang kakayahan, at kapasidad ng mga mag-aaral.
4. Magsagawa ng kaugnay na pag-aaral na higit na mas malalim at magkaroon ng balidasyon sa resulta ng pag-aaral na ito.

## REFERENCES

- [1] Elise, Hanna (2018). Disenyo at Pamamaraan ng Pananaliksik. <https://www.slideshare.net/mushthart/disenyo-at-pamamaraan-ng-pananaliksik>.
- [2] Abad, Mirasol G. (2018). kakayahang Panggramatika ng mga Kadeteng Mandaragat ng Philippine Mercant Marine Academy ZAmbales, Taung Panuruian 201-2019.
- [3] Adunola, Omotere (2011). An Analysis of the Relationship Between Class Size and Academic Performance of Students, Ego Booster Books, Ogun State, Nigeria.

- [4] AL-Mutairi, A. (2011). Factors Affecting Business Students' Performance in Arab Open University: Case of Kuwait, *International Journal of Business and Management*, 6(5):146-155.
- [5] Chomsky, Noam (1965). *Aspects of the theory of syntax*. Cambridge, MA: MIT Press. Langlois, D., & Zales, C. (1991). Anatomy of a top teacher. *American School Board Journal*, 178, 44-46.
- [6] De Juan, G. (2013). Mga suliranin ng mga guro sa pagtuturo ng filipino. Retrieved on April 13, 2018 from <https://filipinotek.wordpress.com/2013/03/29/mga-suliranin-ng-mga-guro-sa-pagtuturo-ng-filipino/>.
- [7] EducationforAll(2015).[https://www.academia.edu/33765531/Pagsusuri\\_sa\\_mga\\_Suliranin\\_ng\\_mga\\_Magaaral\\_sa\\_Ikawalong\\_Baitang\\_ng\\_Elizabeth\\_Seton\\_School\\_sa\\_Pagsulat\\_ng\\_Sanaysay\\_na\\_Sulatin.\\_Research\\_sa\\_Sulatin\\_2016-2017\\_](https://www.academia.edu/33765531/Pagsusuri_sa_mga_Suliranin_ng_mga_Magaaral_sa_Ikawalong_Baitang_ng_Elizabeth_Seton_School_sa_Pagsulat_ng_Sanaysay_na_Sulatin._Research_sa_Sulatin_2016-2017_)
- [8] Gamban, Mary Ann (2016). Propisyensi sa gramatikang Filipino ang mga guro sa Mataas na Paaralan ng Gordon Heights, lungsod ng Olongapo. T.P. 2016-2017
- [9] Ganyaupfu, E.M. (2013). Factors Influencing Academic Achievement in Quantitative Courses among Business Students of Private Higher Education Institutions, *Journal of Education and Practice*, 4(15):57-65.
- [10] Kumar(2015).<https://www.amazon.in/Comprehensive-English-Grammar-Kumar-Sharma-ebook/dp/B0>
- [11] Manny V. (2019). Isang dakilang propesyon. <http://balita.net.ph/2019/09/18/isang-dakilang-propesyon-unang-bahagi/>
- [12] Mapa(2014).[https://www.academia.edu/31927351/Salik\\_Na\\_Nakaaapekto\\_Sa\\_Pagkatuto\\_Ng\\_Pagbuo\\_Ng\\_Papel\\_Pananaliksik\\_Ng\\_Baitang\\_11\\_Sa\\_Mataasnakahoy\\_Senior\\_High\\_School](https://www.academia.edu/31927351/Salik_Na_Nakaaapekto_Sa_Pagkatuto_Ng_Pagbuo_Ng_Papel_Pananaliksik_Ng_Baitang_11_Sa_Mataasnakahoy_Senior_High_School)
- [13] Munir, F., & Rehman A. U. (2016). Most frequent teaching styles and students' learning strategies in public high schools of lahore, pakistan. Retrieved November 9, 2018 from <https://www.researchgate.net/publication/325946490>
- [14] Puno, Hazel G. (2014). Atityud ng Guro: Salik na mAtagumpay na pagkatuto ng wika. <https://www.slideshare.net/izelapuno/atityud-ng-guro-salik-sa-matagumpay-na-pagkatuto-ng-wika>
- [15] Quinonez, Natasha (2014). Different teaching styles and how they affect your students. Retrieved on April 13, 2018 from <https://blog.udemy.com/teaching-styles/>
- [16] Royo, Jean Lopez. (2010). Mga Saloobin a t Suliranin ng mg a Mag-Aaral sa Pagkatuto ng Asignaturang Filipino sa Ateneo De Davao High School. <https://ejournals.ph/article.php?id=112>
- [17] University Corcodia -Portland. (2017). Which is best: teacher-centered or student-centered education? Retrived on April 13, 2018 from <https://education.cu-portland.edu/blog/classroom-resources/which-is-best-teacher-centered-or-student-centered>.
- [18] Wang, Feng Juan. (2010) The Necessity of Grammar Teaching Commerce College of South-Central University for Nationalities Hongshan District, Wuhan, Hubei Province 430065, China; June 2010 <http://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1081617.pdf>
- [19] Zafra, Galileo S. (2016) Ang Pagtuturo ng Wika at Kulturang Filipino sa Disiplinang Filipino (Konteksto ng K-12). file:///C:/Users/user/Downloads/2197-7804-1-PB.pdf